Tagalog

Mga Kinakailangan sa Serbisyo sa Pagkain

PAGRE-RECYCLE: Hindi pinapayagan ang mga negosyo sa Seattle na magtapon ng mga nare-recycle (maaaring muling gamitin) na bagay sa basurahan.

PAGGAWA NG PATABA: Hindi pinapayagan ang mga negosyo sa Seattle na magtapon ng mga compostable (maaaring gawing pataba) na bagay sa basurahan.

PACKAGING: Dapat gumamit ang mga negosyo ng serbisyo sa pagkain sa Seattle ng mga compostable o nare-recycle na packaging ng pagkain at inumin.

Hindi Pinapayagang Magtapon ng Mga Nare-recycle na Bagay sa Basurahan:

Kodigo ng Munisipalidad ng Seattle (Seattle Municipal Code) (21.36.083)

Iniuutos sa lahat ng negosyo na ihiwalay mula sa basurahan ang papel, cardboard, mga babasaging bote at garapon, mga plastik at papel na baso, mga plastik na bote at garapon, mga aluminum at tansong lata at mga kalat sa bakuran. Hindi pinapayagan ang mga bagay na ito sa basurahan (Ipinatupad noong Hulyo 1, 2014).

Hindi Pinapayagan ang Pagtatapon ng Pagkain sa Basurahan:

Seattle Municipal Code (21.36.082)

Iniuutos sa lahat ng negosyo na ihiwalay mula sa basurahan ang lahat ng pagkain at walang coating na papel na nalagyan ng pagkain, gaya ng mga paper napkin, paper towel at kahon ng pizza. Hindi pinapayagan ang mga bagay na ito sa basurahan (Ipinatupad noong Enero 1, 2015).

Ordinansa sa Packaging ng Pagkain: Seattle Municipal Code (21.36.086)

1. **Dine-in:** Ang mga restaurant at mga negosyo ng serbisyo sa pagkain na nagbebenta o naghahain ng pagkain na nasa mga lalagyang pang-isahang gamitan ay kinakailangang gumamit ng mga bagay na maaaring gawing pataba para sa dine-in na serbisyo. Maaari lang gumamit ng mga produktong plastik o papel na may plastik na coating para sa dine-in na serbisyo kung nalinis na ang mga ito pagkatapos gamitin upang kolektahin para sa pagre-recycle.

2. **Take-out:** Ang gagamiting packaging para sa take-out na serbisyo ay maaaring nare-recycle o compostable. (Ipinatupad noong Hulyo 1, 2010).

3. **Ipinagbabawal:** Pinagbabawalan ang mga negosyong gumamit ng plastik na foam (Styrofoam™) na packaging. (Ipinatupad noong Enero 1, 2009).

Nakakabawas sa kalat at polusyon ang paghihiwalay ng nare-recycle at compostable na materyal sa landfill. Sa pamamagitan ng paglipat sa nare-recycle o compostable na packaging, maaaring mabawasan ng mga negosyo ang kanilang serbisyo sa basura at makatipid ng pera. Sa pamamagitan ng paggamit lang ng mga compostable na kagamitan sa pagkain, magiging madali para sa mga negosyo ang proseso ng pagtatapon sa isang compostable na basurahan.

Makipag-ugnayan sa Programa para sa mga Makakalikasang Negosyo (Green Business Program) ng Seattle Public Utilities

para sa libreng tulong at mga mapagkukunan ng impormasyon para sa pagsunod sa mga ordinansang ito.

For interpretation services, please call 206-684-3000.
如需要口譯服務，請撥電話號碼 206-684-3000.
통역 서비스를 원하시면 206-684-3000. 으로 전화하세요.
Wixii turjubaan afka ah ku saabsan, Fadlan la soo xariir taleefoonka: 206-684-3000.
Para servicios de interpretación por favor llame al 206-684-3000.
Para sa serbisyo ng tagapagpaliwanag, tumawag sa 206-684-3000.
Về dịch vụ phiên dịch xin gọi 206-684-3000.

Seattle Public Utilities

greenbusiness@seattle.gov www.seattle.gov/util/GreenYourBusiness 206-343-8505

FC2/3-15

MGA NEGOSYO NG SERBISYO SA PAGKAIN

Tagalog | Tagalog

Mga Libreng Mapagkukunan ng Impormasyon

Mag-order ng mga LIBRENG poster at label ng basurahan o gumawa ng sarili mong mga custom na poster sa www.seattle.gov/util/ForBusinesses/SolidWaste/FoodYardBusinesses/Commercial/WastePosterOrderForm.

Dining Area ng Restaurant (Tatluhan)

Restaurant Kitchen Collection

(Available sa maraming wika)

Mga Label ng Basurahan

Mga Tagabigay ng Serbisyong Pangongolekta

RECOLOGY CLEANSCAPES	WASTE MANAGEMENT	REPUBLIC	CEDAR GROVE	SEADRUNAR
BASURA | PAGRE-RECYCLE O MAARING MULING PAGGAMIT (RECYCLING) | PAGGAMIT NG NABUBULOK UPANG GAMITING PATABA NG LUPA (COMPOSTING)	BASURA | PAGRE-RECYCLE O MAARING MULING PAGGAMIT (RECYCLING) | PAGGAMIT NG NABUBULOK UPANG GAMITING PATABA NG LUPA (COMPOSTING)	PAGRE-RECYCLE O MAARING MULING PAGGAMIT (RECYCLING) | PAGGAMIT NG NABUBULOK UPANG GAMITING PATABA NG LUPA (COMPOSTING)	PAGRE-RECYCLE O MAARING MULING PAGGAMIT (RECYCLING) | PAGGAMIT NG NABUBULOK UPANG GAMITING PATABA NG LUPA (COMPOSTING)	PAGRE-RECYCLE O MULING PAGGAMIT
206-250-7500	800-592-9995	206-332-7777	877-994-4466	206-467-7550
info@recologycleanscapes.com	recyclenw@wm.com	infoseattle@republicservices.com	help@cgcompost.com	info@seadrunarrecycling.com

Impormasyon ng Nagbebenta

Makipag-ugnayan sa Programa para sa mga Makakalikasang Negosyo (Green Business Program) ng Seattle Public Utilities para sa higit pang impormasyon sa packaging, mga basurahan at serbisyo.

Packaging

Mga contact para sa mga supplier at manufacturer ng compostable at recyclable na packaging.

Mga Basurahan

Mga contact para sa mga supplier at manufacturer ng mga basurahan sa loob ng establisamyento.

Mga Serbisyo ng Pangongolekta

Mga contact para sa mga tagabigay ng serbisyo para sa pangongolekta ng mga compostable at nare-recycle.

greenbusiness@seattle.gov **www.seattle.gov/util/GreenYourBusiness** **206-343-8505**

FC2/3-15